

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Mas mabuting Maniniwala kayo! Tumatanggap ang Bramptonng opisyal na designasyon na Bee City

BRAMPTON, ON (Hunyo 16, 2021) – Opisyal na kinikilala ng Bee City Canada ang Brampton bilang pinakabagong Bee City nito!

Committed ang Lungsod ng Brampton sa pagsuporta at pagprotekta sa mga pollinator, kabilang ang mga bubuyog at paru-paro bilang itinalagang Bee City. Kabilang dito ang paglikha at pagmintina ng kasalukuyang tirahan ng mga pollinator, pagbibigay kaalaman sa mga residente tungkol sa kahalagahan ng mga pollinator, at pagdiriwang sa mga pollinator sa panahon ng Pandaigdigang Linggo ng Pollinator (Hunyo 21-27).

Ang designasyon na Bee City ay isang pagkakataon para itaguyod at palakasin ng Lungsod ng Brampton ang nangungunang mga pagsisikap nito para protektahan at mas pagandahin ang natural na heritage system ng lungsod. Sumali ang Lungsod ng Brampton sa higit sa 50 munisipalidad sa buong Canada na nagkamit ng designasyon na ito.

Ang designasyon sa Brampton na Bee City ay suportado ng [Brampton Grow Green Environmental Master Plan](#), [Parks and Recreation Master Plan](#), [Natural Heritage and Environmental Management Strategy \(NHEMS\)](#) at ng [Brampton Eco Park Strategy](#).

Batay sa mga numero

- Kasalukuyang nagmimintina ang Lungsod ng 17 dedicated na mga pollinator bed at 706 na perennial bed na sumusuporta sa mga pollinator.
- Mula 2002, isinatural ng [Brampton Valley and Parks Naturalization Program](#) ang higit sa 220 ektaryang lupa at gumagamit ng native seed mixes, mga palumpong at mga punong-kahoy na nagbibigay ng pagkain at tirahan para sa mga pollinator.
- Mula 2018, ang [Don't Mow, Let it Grow Program](#) ay isinalin ang tinatayang 21 ektarya ng turf grass tungo sa mga parang ([meadows](#)) at mga hardin ng pollinator.

Linggo ng Pandaigdigang Pollinator (Hunyo 21-27)

Ang Hunyo 21-27 ay Linggo ng Pollinator! Sumali sa amin para sa birtwal na mga aktibidad kabilang ang paghahanap ng yaman na may temang pollinator na may mga papremyo, pwedeng i-download na mga pahinang kukulayan, mga respurce at katotohahan na sasaliksikin, at marami pa. Bisitahin ang www.brampton.ca/pollinators para sa mga detalye.

Tungkol sa Bee City Canada

Itinatag noong 2016, ang [Bee City Canada](#) ay isang pangkawang-gawang organisasyon na kinikilala ng pederal na may layunin na bigyang kaalaman ang mga Canadian tungkol sa kahalagahan ng mga

pollinator at para hikayatin ang hakbang na siguruhin ang proteksyon sa tirahan ng pollinator. Sumusuporta ang Lungsod sa pinagtutulungang pagsisikap ng mga komunidad at organisasyon na committed sa pagtulong sa mga pollinator sa pamamagitan ng pagbibigay ng apat na designasyon. Ang mga designasyon na ito ay: Bee Cities, Bee Partners, Bee Schools at Bee Campuses.

Mga Quote

“Ipinagmamalaki natin na maging isang Bee City! Ang Brampton ay isa sa 50 munisipalidad sa buong Canada na nagkamit ng designasyon na Bee City, at dedicated tayo sa pagsuporta at pagprotekta sa mga pollinator at sa pagmintina sa nakakalusog, diverse na mga ecosystem para sa ating magandang lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang kahalagahan ng pagprotekta sa mga pollinator sa ating komunidad. Tayo ay may bilang ng mga programa at inisyatiba na nakahanda para suportahan ang mga pollinator, kabilang ang pagpapaganda sa mga natural na lugar, at pagtayo at pagmintina ng mga pollinator bed at sa mga sumusuporta sa mga pollinator. Nagpapasalamat tayo sa Bee City Canada para sa pagkilala, at itatayo natin ang ating mga inisyatiba sa pamamagitan ng commitment na ito!”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang bawat isa ay gumaganap ng parte sa pagsuporta sa designasyon ng Brampton na Bee City. Ang mga Pollinator ay napakahalaga sa produksyon ng pagkain at pagpapanatili sa nakakalusog na tirahin at mga natural system. Hinihikayat ko ang mga residente na magtanim ng mga katutubong punong-kahoy at bulaklak, at alamin ang mas marami pa tungkol sa aming mga inisyatiba sa www.brampton.ca/pollinators.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod Wards 2 at 6; Miyembro, Environment Advisory Committee; Miyembro, CEERP Community Task Force, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang staff ng Lungsod sa pagpapaganda sa ating mga programa at inisyatiba para suportahan ang designasyon sa Brampton na Bee City. Inaasahan ko ang pakikipagtulungan sa ating mga collaborator at partner para suportahan at protektahan ang mga pollinator tulad ng mga bubuyog at paru-paro sa ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/brampton), [Facebook](https://facebook.com/brampton), at [Instagram](https://instagram.com/brampton). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA
Monika Duggal



Media Release

Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca